



ANG

Bayan

Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas
Pinapatnubayan ng Marxism-Leninism-Maoism

Espesyal na Isyu
Oktubre 11, 2005
www.philippinerevolution.org

Ibayong palawakin at palalimin ang kilusang talsik

*Komiteng Tagapagpaganap ng Komite Sentral
Partido Komunista ng Pilipinas*

Ang pagpatay sa kasong *impeachment* nang hindi agad natugunan ng mas malakas na aksyong protesta ng malapad na kilusang pagpapatalsik ay puwang na sinunggaban ng papet, pasista at bulok na rehimeng Arroyo para tangkaing agawin ang inisyatiba at magkontropensiba. Pero nanatiling hindi lutas at patuloy pang mas lumalala ang tunay na mga sanhi ng malubhang pagkakahiwalay at pagkakasukol ng naghaharing rehimeng. Kaya higit lamang naging mas desperado at mas mabagsik ang mga maniobra nito para iligtas ang sarili. Ang resulta ay ang lalo pang pagtindi ng galit ng mamamayan, higit pang pagkakahiwalay ng rehimeng at ibayong pag-igting ng labanan sa pagitan nito at ng mamamayan, gayundin sa pagitan nito at karibal na mga pwersang reaksyunaryo. Patuloy na kumukulo ang kabuuang sitwasyon. Nagmamaniobra ang mga pwersang pampolitika tungo sa mas malalaki pang sagupaan.

Agad na tinarget ng

rehimen ang kilusang protesta sa pamamagitan ng pasistang patakrang *calibrated preemptive response*. Gustong sikilin at patahimikin ang mga lansangan para pilayin ang kilusang pagpapatalsik at pigilan ang patuloy na pagtitipon at paglakas ng paglaban ng mamamayan. Sinusupil ng pasistang pulisya at militar ang mga aksyong protesta at pampublikong

pamamahayag sa pamamagitan ng lahat ng klase ng panggigipit at paghadlang hanggang sa marahas na pagsalakay at pagbuwag, pagdakip at pagbilanggo.

Itinutulak ng rehimeng mabilisang pag-apruba ng panukalang batas laban sa terorismo para bigyan ng todong luwag ang mas malawakan pang pagmamanman, panggigipit, panunupil at pananakay hindi lamang sa lihim at armadong rebolusyonaryong kilusan kundi maging sa hayag at di armadong kilusang demokratiko. Magmatayag sa mas madalas at mas malaki pang madudungong intriga at pakulo ng ISAFP at mga *psyops* unit ng AFP at PNP para paralisahan sa takot ang karaniwang mamamayan at bigyang-matwid ang pasistang panunupil sa ngalan ng anti-terorismo.

Kasabay ng anti-teroristang paninira laban sa rebolusyonaryong kilusan ang propagandang anti-destabilisasyon laban sa mga karibal ni Arroyo sa pulitika at mga disgustado sa hanay ng militar at pulisya. Pinupuntirya ng Malakanyang ang Senado at ikinakasa ang





Bulnerable sa kudeta at pag-aalsang tipong-Edsa ang rehimeng Arroyo kahit buong bangis itong lumalaban at buong tusong nagmamanio-bra. Lahat ng pansin ni Arroyo ay nakatutok sa paghadlang sa higit na paglakas ng kilusang pagpapatalsik at pagkakait sa kanyang mga kalaban ng bwelo at tyempo.

pagpapatalsik kay Drilon. Iniisyu ang Executive Order 464 para hadlangan ang pagsisiyasat ng Kongreso sa mga katiwalian sa ehekutibo, pulisa at militar at, kaalinsabay, busalan ang burukrasyang sibil at militar sa pagbubulgar ng mga krimen at anomalya ng naghaharing pangkatin.

Pinakamasahol ang pananalakay sa mga rebolusyonaryo at progresibong pwersa na tinatarget ng asasinyon, pagsasalbeyds, pagdukot, tortyur, iligal na pag-aresto, iligal na paghahalughog at iba pang klase ng pasistang panggigipit at pag-abuso. Ipinatutupad sa utos ng Malakanyang at Kampo Aguinaldo ang pambansa, sistematiko at buhong na kampanya ng asasinyong pulitikal ng mga lider at aktibista ng ligal na demokratikong kilusan ng mga manggagawa, magsasaka, mala-manggagawa, kabataan-estudyante at iba pang demokratikong uri at sektor—ang mga organisasyong nasa unahan ng kampanya sa pagpapatalsik kay Arroyo at walang pagod na naglalantad at kumukundena sa mga pasistang pang-aabuso, korapsyon, pagtataksil sa pambansang interes at patakarang antimasa. Garapal ang paninira at pagluluto ng mga gawa-gawang kasong kriminal para mapagbalingan ang mga ligal na organisasyon tuwing may mga aksyon militar ang BHB at gawin silang target sa pag-atake ng mga *death squad* na alaga ng ISAFP at iba pang yunit paniktik ng AFP

at PNP. Ayon sa nakumpiskang mga dokumento ng ISAFP, bawat grupo ng ISAFP ay tinakdaan ng kota ng mga ligal na progresibong lider at aktibistang kanilang inunyutralisa. Laganap din ang pagpatay sa nabibihag na mga mandirigma ng BHB na wala nang kakayahang lumaban. Walang pakundangan ang paglapastangan sa CARHRIHL, internasyunal na makataong batas, mga demokratikong karapatan ng mamayahan, at maging sa demokratikong upinyong publiko na malawakan at mariing kumukundena sa madugong pasistang patakaran ng rehimen.

Lalo pang pinaiigting ang mga opensibang militar ng AFP at PNP laban sa mga larangang gerilya ng BHB. Palaging may dagdag na pondo para sa militarisasyon at mga opensibang militar habang said sa badyet ang edukasyon, kalusugan, pabahay, reporma sa lupa at iba pang serbisyong panlipunan. Kaalinsabay, arbitraryong sinuspindi ang Joint Agreement on Safety and Immunity Guarantees, pinagbabantaan ang mga kagawad at konsultant ng NDFP *negotiating panel*. Ginigitgit ang NDFP na pumayag sa isang matagalang tigil-putukan para itali ang kamay ng armadong rebolusyonaryong kilusan habang walang habas ang pasistang pandarahas at pagsagasa sa pambansa at demokratikong mga interes ng sambayanan.

Sinunggaban ni Arroyo ang Chacha (*charter change* o pagbabaa-

go sa konstitusyon) para ilihis ang pansin sa kanyang mga iskandalo at kunin ang suporta ni Fidel Ramos, Jose de Venecia at partidong Lakas laban sa *impeachment* at pagpapabitiw. Alok din iyon sa US na suportahan ang pananatili ni Arroyo sa kapangyarian kapalit ng mga amyendang ayon sa imperyalistang interes at kagustuhan nito. Kinakalkula ni Arroyo na ang suporta ng US (pati pondong US gaya ng nabulgar sa kontratang Venable), kontrol ng Lakas sa Kongreso, at pulitikang transaksyonal ng Malakanyang ay kumbinasyon walang talo para sa Chacha at para sa kanyang pamamalagi sa poder. Hindi bale nang ibasura ang anupang probisyon ng konstitusyon na natitirang may malasakit sa pambansang soberanya at patrimonya at mga kalayaang sibil.

Pagkatapos waldasing lalo ang pambansang kaban sa pamimili ng boto at pagsagka sa *impeachment*, sapilitan nang talaga para kay Arroyo ang EVAT upang makuha ang pagtango ng mga dayuhang bangko at patuloy pang makapangutang. Inaasahang pagbibigyan ng Korte Supremang sunud-sunuran sa Malakanyang ang kagustuhan ni Arroyo. Pero ang dagdag na pasining buwis ay malupit na hambalon sa mamayahan lupaypay na sa paghihikahos. Sasakalin pa nito ang produksyon lokal na lugmok na dahil sa pananalasa ng "globalisasyon" at kawalan ng suporta ng gubyerno. Sa lawak at tindi ng kahirapang idudulot ng EVAT, malamang na pasiklabin nito ang mas malaki pang kaguluhan at mga ispontanyong pag-aalsa ng mamayahan. Sa isang banda, ang pasistang panunupil na pinasisidhi ngayon ay paghahanda sa gayong napipintong sitwasyon.

Habang mas tumatagal sa kapangyarian, ang rehimeng Arroyo ay nagiging mas masahol

pang militarista, pasista at papet, at nagdudulot ng ibayong pahirap sa bansa at sambayanan. Ang malubhang nahihiwalay at makitid na reaksyunaryong naghaharing pangkatin ay maaari lamang manatili sa poder sa pamamagitan ng higit pang pagbaluktot at pagbulok sa mga institusyon at proseso ng reaksyunaryong paghahari mismo.

Kontrolado pa nila hanggang ngayon ang pinakamataas na pamunuan ng AFP at PNP pero ang mga ito ay binabayo rin ng laganap na disgusto at matinding ligalig sa hanay ng mga kawal at upisyal. Parehong saklot ng malalang internal na paksyunalismo at demoralisasyon ang pasistang militar at pulisia dahil sa talamak na korapsyon, paboritismo, mababang sweldo at pagkakasangkot sa droga at iba pang sindikatong kriminal. Demoralisado ang mga kawal at nakabababang upisyal hindi lamang bunga ng internal na kabalukan, kundi dahil din sa kamuhi-muhing papel ng AFP at PNP sa pandaraya sa eleksyon, pasistang panunupil sa masa, at panatikong pagtatanggol sa paghahari ng imperyalismong US at lokal na malalaking asenderokumprador. Bukod sa mga retiradong heneral na pinamumunuan ni Abat at Aparri, lumitaw ang iba't ibang lihim na organisasyon gaya ng YOUNG at Protectors of the Filipino People na nananawagan sa pagbibitiw ni Arroyo. Sa harap ng pagpatay sa *impeachment* at sunud-sunod na malalaking iskandalo ng Malakanyang at General Command ng AFP, muling nasa bingit ng pagsambulat ang mga *barracks*.

Malaking suhay sa gumigiray na rehimeng Lakas ni de Venecia na may kontrol sa Kongreso. Pangunahing silang kapartner ng Malakanyang sa pagpatay sa *impeachment*, pagtutulak ng Chacha at pagtira sa Senadong hawak ng oposisyon. Mananatili ang suhay na ito at ang

kontrol nila sa Kongreso hangga't hindi sapat ang lawak at lakas ng kilusang protesta at iba pang anyo ng paglaban sa naghaharing rehimeng. Pero napakabuway ng sosyohan ng Malakanyang at Kongreso dahil nakabatay sa pagtatanggol sa bulok at kinasusuklamang presidente, at binibigkis ng pagbabakas sa patuloy na lumiliit na kurakot. Walang tigil itong inuuk-ok ng tuluy-tuloy pang pagkakalantad ng mga ebidensya ng kabulukan ng rehimeng, patuloy na tunitinding krisis sa ekonomya at pulitika, at matinding diskontento ng mama-mayan.

Binibigyan ng pinalaking alokasyon sa badyet ng 2006 at inaalagaan ang mga gubernador at meyor na pro-Arroyo. Sila ang nagpapakita ng marami-raming mukhang sumusuporta sa Presidente at humahakot ng mga binayaran o pinilit para sa mga kontra-demonstrasyong pantapat sa kilusang protesta. Kailangan din ang mga meyor para sa pagkakait ng permiso at pag-uutos ng pagbuwag sa mga protesta at pakikibakang masa.

Ang CBCP sa pamumuno ni Capalla ay may tendensya ng mag-buhos ng malamig na tubig tuwing may bugso ng mga iskandalo at protesta laban kay Arroyo. Pero dahil sa malakas na opinyon sa hanay mga obispo at laluna sa mga karaniwang pare, madre at relihiyoso, ang CBCP ay naoobligang kilalanin at ihayag ang pananaw na kritikal sa rehimeng kahit pinalabnaw. May mga obispong nasa unahan ng kilusang pagpapatalsik at ang boses nila ay malamang na mas lalakas sa pag-upo ng bagong pamunuan ng CBCP sa susunod na taon.

Ang malaking masmidya ay tuluy-tuloy na binabaha ng mga balita, artikulo at bayad na patalastas na lumalabusaw sa mga isyu, lumalait sa mga progresibo at opo-

sisyunista, at nagtatambol ng suporta kay Arroyo. Doble-kayod ang departamento sa maruruming taktika ng Malakanyang sa paglalangis sa mga bayarang tagamida at pagpapakalat ng disimormasyon at itim na propaganda.

Bagamat papet na lubhang masunurin si Arroyo at mas masigasig pang nangangayupapa ngayon dahil sukol at desperado, matamang minamatyagan ng US ang mga palatandaan ng pagkawala ng kontrol ng rehimeng. Gayunman, sinasamantala ng US ang desperasyon ng papet para pumiga ng mas malaki pang mga pakinabang sa militar, ekonomya at patakarang panlabas laluna para sa "gerang anti-terorista" ni Bush.

Bulnurable sa kudeta at pag-aalsang tipong-Edsa ang rehimeng Arroyo kahit buong bangis itong lumalaban at buong tusong nagma-maniobra. Lahat ng pansiñ ni Arroyo ay nakatutok sa paghadlang sa higit na paglakas ng kilusang pagpapatalsik at pagkakait sa kanyang mga kalaban ng bwelo at tyempo. Sa kabilang banda, ang mga reaksyunaryong karibal ni Arroyo, gayundin ang mga progresibo at demokratikong pwersa, ay hindi naglulubay sa pagpupursigi para mapatalsik si Arroyo.

Ibayong palawakin at patatagin ang nagkakaisang prente

Ang malapad na nagkakaisang prenteng nasa unahan ng kilusang pagpapatalsik ay nabuo bunga ng labanan sa *impeachment* at pagpabitiw, base sa "Hello Garci" tapes at iba pang iskandalo ng rehimeng Arroyo. Sa kaibuturan, produkto ito ng matalim na pagtindi ng tunggalian sa pagitan ng sambayanan at papet, pasista at bulok na rehimeng, gayundin ng maigting na pagkakahati-hati ng mga reaksyunaryong naghaharing uri, ibig sabi-

hin, ng napakalalim na krisis sa pulitika at ekonomya.

Kinakantawan ng mga tagapagtanggol ng rehimeng salimbayan ng nagkakaiba-ibang mga pananaw at paninindigan sa loob ng kilusang pagpapatalsik. Pero hindi ito maiiwasan bunga ng pambihirang lapad ng nagkakaisang prente, na siya mismong matingkad na bentahe nito. Naihiwalay nito si Arroyo bilang pinaka-inaayawang presidente sa kasaysayan, bagay na sumasalamin hindi lamang sa arogansya at kabulukan ng rehimeng, kundi maging sa lalim ng krisis na yumayanig sa buong reaksyunaryong sistema at bawat saray ng lipunan. Ang pinakamahalaga ay ang pagkakaisa sa komon na layuning patalsikin si Arroyo. Habang lumalaon lahat ng seryoso at pursigidong nagtagataguyod ng pagpapatalsik ay inooblige ng mismong umiigting na labanan tungo sa mas mahigpit na pagtutulungan sa pagsusulong ng kilusang protesta. Malamang na lilitaw din ang pagsasalubong o namamayaning konsensus tungkol sa alternatiba at kaayusang transisyunal kapag mas lumalapit na ang mapagpasyang sagupaan.

Walang iisang organisasyong wedeng sumaklaw sa lahat ng pwersang kabilang sa malapad na nagkakaisang prente. Ang pinakamalawak ngayon—ang Bukluran Para sa Katotohanan—na kinabibilangan ng 80 ligal na organisasyon at alyansang kumakatawan sa halos lahat ng klase ng kulay at tono sa pakikibakang pagpapatalsik ay buhaghag na koalisyon nakatuon sa pagbubunsod ng magkasanib na mga aktibidad at nagpapahintulot ng lubos na kasarinlan at inisyatiba sa bawat isa.

Ang mga pinakamalaking pwersa at nangunguna sa kilusang protesta ay ang mga ligal na progresibong organisasyong masa, alyansa



Para pwersahin si Arroyo na bumitaw sa kapangyarihan, kinakailangan ang pag-alis ng suporta ng kabuuan o makabuluhang bahagi ng AFP at PNP.

at *party-list* ng batayang masa at panggitnang pwersa at ang mga pangunahing partido at organisasyong oposisyon. Binuo nila ang Solidarity Movement na nagsusulong ng *people power* para pagbitiwin o patalsikin si Arroyo at kanyang bise presidente at mabuo ang *transition or caretaker council* na magtaguyod ng bagong programa ng gobyerno at mangangasiwa sa bagong eleksyon sa loob ng anim na buwan.

Si dating Presidente Aquino, si Senate President Franklin Drilon at mga nakakabig niya sa Liberal Party, ang Hyatt 10, ang Makati Business Club at ang mga Sosyal Demokratang nasa Kompil II ay nagtagataguyod ng pagbribitiw o *impeachment* ni Arroyo at pagpalit ng bise presidente o sinupamang kwalipikadong hahalili alinsunod sa konstitusyon. Importante ang blokeng ito dahil sila ang mga humiwalay sa gabinete, nanggaling sa naghaharing koalisyon at dating mga pangunahing tagasuporta ni Arroyo. May mga kunkasyon at impluwensya sila sa malalaking burukrata, malalaking negosyante at mga konserbatibong Katoliko. Dating dumidistansya sa kilusang protesta at nagpapahayag ng paghindi sa *people power*, nagsimula silang lumahok sa mga protesta sa lansangan nang patayin ang *impeachment*.

Ang Akbayan at mga pangkat ng Contra ay nakagrupo sa Laban ng Masa (Akbayan, FDC, Bisig, AK, Sanlakas, Kalayaan) na nagdadala

ng linya ng ispontanyong insureksyon at pagbubuo ng rebolusyonaryong gubyernong transisyong. Kasama nila ang Kilusan sa Makabayang Ekonomiya sa September 7th Movement.

May mga grupo rin ng ilang aktibo at dating matataas na upisyal na may malalaking nakakabig sa pwersa ng militar at pulisia at may mga usap-usapan din tungkol sa alyansa nila. May mga nagdadala ng linya ng kudeta na may kasabay na ispontanyong insureksyon at pagbubuo ng rebolusyonaryong gubyernong transisyong. May mga nagdadala rin ng pananawagan para sa pagbibitiw ng buong gobyerno at pagbubuo ng rebolusyonaryong gubyernong nasa pamumuno ng militar.

Dagdag pa ang mga organisasyon relihiyoso at akademiko na nangangampanya para sa pagbibitiw gaya ng La Salle Brothers, Concerned Ateneo Faculty & Students, UP AWARE, Association of Major Religious Superiors in the Philippines, National Council of Churches in the Philippines, at Iglesia Filipina Independiente.

Namumukod ang malapad na alyansang Gloria Stepdown Movement (GSM) na ang gulugod ay mga ligal na organisasyong progresibong dahil sumasaklaw ito sa mga rehiyon at direktang umaabot hanggang sa mga batayang antas sa mga komunidad at lokalidad. Sa payong ng malapad na nagkakaisang prente, maaari nitong saklawa ang milyun-milyong mamaayan at engganyuhin ang mapan-

gahas na pagpapalawak ng mga batayang organisasyong masa at mga progresibong organisasyon at alyansa sa mga sektor at lokalidad.

Ang Partido, NDFP at armadong rebolusyonaryong kilusan ay bahagi ng malapad na nagkakaisang prente para sa pagpapatalsik ng papet, pasista at bulok na rehimeng Arroyo, pero hindi bahagi ng anumang partikular na alyansa o koalisyong para sa kilusang pagpapatalsik. Ipinauubaya ng mga armadong rebolusyonaryong pwersa sa mga ligal na organisasyon at kilusan ang kabuuang inisyatiba at pangunguna sa pakikibakang pagpapatalsik. Nakadistansya sa mga ligal na protesta at pakikibakang masa ang mga armadong yunit ng BHB bagamat sa sariling paraan ng mga ito at sa abot ng makakaya ay mag-aambag sila sa pagpapahina at pagpapabagsak ng kinamumuhiang reaksyunaryong rehimeng.

Ang ligal na mga pwersang progresibo at demokratiko ay nakapanguna at nakapagbigay ng katangtingtang kontribusyon sa pagbububo at pagsulong ng malapad na nagkakaisang prente dahil maagap at matatag nilang pinaigting ang mga protesta at ipinanawagan ang pagpapatalsik kay Arroyo. Kaalinsabay, binuksan nila nang maluwang ang pinto at aktibo silang naghahap ng mga punto ng pakikipagkaisa at pakikipagtulungan sa lahat ng posibleng kaalayo—kabilang ang mga nakabangga sa EDSA II kamakailan lamang—alinsunod sa linya ng pagpapaigting ng pakikibaka sa rehimeng walang patumanggang nananalasa sa bansa at taong bayan at dahil dito'y labis nang kinamumuhian ng malawak na masa. Ang mabilis na pagtalim ng pakikibaka sa rehimeng at ang pagkakabuo ng malawak na nagkakaisang prente para sa pagpapatalsik ay nagpatunay sa kawastuan ng gayong mga taktikang

alvansa.

Dahil sa aktwal na balanse ng mga pwersa, mga reaksyunaryo kasama ang mga petiburgis na buntot nila ang namamayani sa kabuuan at mga pangunahing alyansa at koalisyon ng malapad na nagkakaisang prente. Sa kabilang nito, ang mga progresibong pwersa sa loob ng mga ito—sa pamamagitan ng paghawak at paggamit sa kanilang kasarinlan at inisyatiba—ay mas epektibong nakaaabot sa malawak na masa, nakapagpapalakas sa kilusang masa at nakapagsusulong sa mga pakikibakang bayan. Para sa higit na inisyatiba at pleksibilidad, binigyan nila ng higit na timbang ang mga bilateral na ugnayan at koordinasyon habang iniengganyo ang mga multilateral na kooperasyon. Sa mga taktikal na alyado, binibigyang prayoridad ang pakikipagrelasyon sa mga marunong makipaggalangan at makipagbigayang para sa mutwal na pakinabang at may makabuluhang ambag para sa pagpapalakas ng mga protestang masa. At para makaiwas sa hindi kinakailangan at walang katuturan banggaan at gasgasan, ang prayoridad ay sa kooperasyon sa pagpapaigting ng mga protesta at pakikibaka sa halip na sa sobrang ditalyadong mga programa.

Para pwersahin si Arroyo na bumitaw sa kapangyarihan, kinalangan ang pag-alis ng suporta ng kabuuang o makabuluhang bahagi ng AFP at PNP. Kaya maigting ang agawan ng mga pakson ng reaksyunaryo sa katapatan ng mga upisyal militar at pulisia at may partikular na halaga sa kilusang pagpapatalsik ang gawaing propaganda, pag-uugnay at pag-oorganisa sa mga upisyal at tauhan ng AFP at PNP. Sa gitna ng talamak na kabulukan at paksyunalismo sa hanay ng militar at pulisia, kapuna-puna ang lumalakas na sentimyento at tunguhing demokratiko at makaba-

yan sa hanay ng mga nakabababang upisyal at sundalo. Ang tindi ng krisis at kaguluhan ay nagtutulak sa kanilang kwestyunin hindi lamang ang mga partikular na bulok na upisyal kundi ang mismong oryantasyong mersenaryo, papet at pasista ng AFP at PNP. Ang magamang Jarque ang pinakatampok na halimbawa at malawak ang respetong tinatanggap nila sa miliar at pulisya.

Sa kabilang banda, namamayani sa mataas na kumand at lalo pa nilang pinatitindi ang pananaw at gawing papet, pasista at militarista. Mayroon ding mga sagadsaring papet at anti-Komunista sa mga reaksyunaryong anti-Arroyo at may peligro rin ng militarismo at pasismo mula sa kanilang hanay. Bukod sa *military junta* na dating itinutulak nina Abat may programang "The New Order" mula diumano sa YOUNG na may kasabay na ideyalismo ay may malakas na militarista, pasista at elitistang kiling. Habang pinai-igting ang pakikibaka sa pasismo at militarismo ng naghaharing rehimen, matatag na itinataguyod ng mga progresibong pwersa ang kapangyarihang sibilyan at mga demokratikong karapatan sa alternatibong programa nq qubyerno.

Kahit patuloy na nagkakalat ng lason laban sa rebolusyonaryong kilusan, ang mga Contra ay pinapabayaang pumaloob sa malapad na mga alyansang kabilang ang mga progresibo basta't hindi manggugulo. Mas importanteng makaugnay at magkaroon ng makatuturang kooperasyon sa ibang pwersang nasa mga alyansang ito. Pero ang kaigtingan ng krisis ay matabang lupa sa pananariwa ng mga ilusyon ng hindi nagtutuwid na mga insureksyunita. Kaya dapat patuloy na linawin sa rebolusyonaryong hanay at sa masa ang mga leksyon sa insureksyunismo sa nakaraan at ang kawastuhan ng estratehikong linya

ng matagalang digmang bayan.

Kilusang masa bilang pinakamahalagang sandata sa kilusang talsik

Ang kilusang masa ang pinakamahalagang sandatang hawak ng sambayanan sa pagpapatalsik sa papet at pasistang rehimeng. Ang pagtitipon ng papalaking bilang ng mamamayan sa mga aksyong protesta ang susi sa tuluy-tuloy na paghihiwalay at pagpapahina sa rehimeng at pagparalisa sa paglaban nito. Kapag umabot sa daan-daang libo, kayang barikadahan ng natpong mamamayan ang mga lansangan patungong Malakanyang at ipamukha sa rehimeng na nawala na sa kanya ang kontrol. Ang pag-atras ng suporta ng militar ay malamang na maganap kapag may kalahating milyon nang natitipon sa mga lansangan.

Kilusang masa ang nagtuturo sa milyun-milyong mamamayan na organisahin ang sarili, igiit at gamitin ang kanilang mga demokratikong karapatan, at lumaban para sa sarili nilang interes. Sa gayon, binibigyan nito ang mamamayan ng kakayahang magpalakas sa sarili at panghawakan ang inisyatiba—sa halip na masadlak sa pagbuntot sa mga reaksyunaryo o di kaya'y sa kawalang laban o despersyon—kahit pa pagkaitan ng pagdinig sa Kongreso at hukumang kontrolado ni Arroyo. Kapag pukaw at militante ang masa, hindi basta mawawalan ng inisyatiba ang mga pwersang demokratiko at progresibo kahit mas paigtingin pa ng rehimeng panunupil o bumaligtad ang mga taktikal na alyado. Sa malakas at masiglang kilusang masa mamaksimisa ang matagalang pakinabang ng rebolusyon mula sa taktikal na pakikibakang pagpapatalsik.

Malakas na umarangkada ang kilusang pagpapatalsik nang pumutok ang sunud-sunod at malalaking

aksyong protesta noong Hunyo at Hulyo, pagkatapos mabulgar ang "Hello Garci" tapes. Naabot ng kilusang protesta ang unang rurok nang matipon ang 60,000 sa rali sa Ayala noong Hulyo 13, at ang ikalawa nang nakatipon ng 70,000 rali sa SONA noong Hulyo 25. Napansin na ang mga pagkilos na ito ay kumakatawan sa mas mabilis at mas malaking kagyat na pagsambulat kumpara sa mga unang buwan pagkatapos ng pagbubulgar ni Chavit Singson tungkol sa iskandalong hweteng noong 2000. Ang pangunahing nagtulung-tulong sa mga aksyong protestang ito ay ang mga pwersang ligal na progresibo, maka-Estrada, maka-FPJ at UNO. Malaking bulto ng mga lumahok ang nagsmula sa manggagawa at iba pang maralitang syudad at kabataang estudyante. Dumagundong sa buong bansa ang panawagan sa pagbibitiw ni Arroyo.

Sa pagtampok ng kasong *impeachment* noong Agosto at Setyembre, nahatak sa kilusang pagpapatalsik ang dagdag na mga pwersa at higit na nagsalubong ang pusisyon ng mga nagtagatuyod ng kilusang protesta para sa pagbibitiw/people power at pagbibitiw/constitutional succession. Pero dumalang at lumiiit ang mga aksyong protesta sa Metro Manila, bagay na nagpapakitang kumukulo ang sitwasyon pero hindi pa handa para sa mapagpasyang sagupaan. Sa kalakhan, mga elementong dati nang aktibo sa pulitika ang napalahok sa mga protesta at kailangang mag-ilon sila ng ibayo pang pwersa sa pamamagitan ng paghatak ng mas malawak pang bahagi ng populasyon na galit at ligalig pero nadadalawang-isip pa. Naging problema rin ang pag-urung-sulong ng mga reaksyunaryong anti-Arroyo sa kilusang protesta sa iba't ibang dahilan, gaya ng maling palagay na likas na magkabangga ang *people*

power at prosesong konstitusyunal, pag-aasam ng kudeta, at relatibong kahirapan sa pagsasama ng mga dating nagkabangga sa EDSA II at ngayo'y pawang anti-Arroyo. Ngunit si Arroyo ay lumilitaw na malayong mas tuso, mas garapal at mas mabangis na kalaban kumpara kay Estrada noong 2000 at 2001. Walang pakundangan ang paggamit niya ng lahat ng pwersa, rekursong maniobranging pwedeng magamit para mambaluktot at mangharang, manuhol at manira, manggipit at manupil.

Ang pinakamahalaga ay ang pagpupursigi sa pagpapaigting ng mga protesta't pakikibakang masa habang inaabot at pinupukaw ang mas malawak pang masa ng sambayanan. Kailangang malampasan ang rurok noong SONA at abutin ang isa at, pagkatapos, ilang daanlibo at higit pa para ang kilusang protesta ay maging tunay na makapangyarihang sandata ng mamayan na kakabig sa paglahok ng daan-daanglibo at milyon pa, hahamak sa lahat ng panunupil at manipulasyon ng rehimeng at magbubuklod sa mga pwersang anti-Arroyo para sa mapagpasyang sagupaan. Nagtutulungan ang dalawang tungkuling paigtingin ang mga protesta't pakikibakang masa at kabigin ang mas malawak pang masa: Ang pagpapaigting ng mga protesta't pakikibaka ay pangunahing reksito para mabilis na abutin, pukawin at pakilusin ang mas malawak na masa at pangunahing nagsisilbi sa layuning ito. Mahigpit itong hinihingi ng kalaugayang nasa kaigtingan ang galit at ligalig ng mamamayan at ang krisis ng reaksyunaryong sistema.

Kailangang pag-ugnayin at pagsamahin ang mga panawagan at pakikibakang pampulitika at pang-ekonomya para makabig ang pinakamalawak na masa ng sambayanan. Ligalig ang mamamayan

bunga ng kumukulong mga isyu sa di-lehitimong presidente, kabulukan sa gubyerno, pasistang panunupil, interbensyong militar ng US, pag-amyenda sa konstitusyon at iba pang isyu sa pulitika, gayundin ng kumukulong mga isyu sa labis na karalitaan, kawalan ng kabuhayan, kasalatan sa mga saligang pangangailangan, implasyon, lumolobong buwis at utang at iba pang isyu sa ekonomya. Kailangang asikasuhin at palakihin hindi lamang ang mga kampanya at pakikibakang nananawagan sa pagpapatalisik kay Arroyo, kundi maging ang mga kampanya at pakikibaka sa tampok na mga partikular na isyu sa pulitika (gaya ng asasinasyong pulitikal at pasistang panunupil) at ekonomya (gaya ng sahod, presyo, "globalisasyon") at tipunin ang mga tagumpay sa mga ito para sa mas mabilis na pagpalakas ng kilusang protesta. Bukod sa mga rali at demonstrasyon, pasiglahin at palakasin din ang mga boykot, welga, barikada at iba pang paglaban ng masa. Habang sumusulong ang kilusang pagpapatalisik, dapat lahatang-panig na lumalakas ang kilusan at pakikibakang anti-imperialista, antipyudal at antipasista. Ang labis na tindi ng krisis mismo ang nagtutulak sa unahan ng mga fundamental na usaping pambansa at panlipunan sa sistemang malakolonyal at malapyudal.

Sa isang banda, ang kabiguang isustini ang arangkada ng protestang masa noong Agosto at

Setyembre ay sumasalamin din sa mga limitasyon ng mga kunkasyon ng mga progresibong pwersa sa mamamayan sa mga batayang antas. Dapat sagpangin ang pambahirang pagkakataong dala ng kaitungan ng krisis para palawakin at pasinsinin nang mabilis at maraming ilit ang ugnay at latag ng mga pwersa sa iba't ibang sektor sa mga komunidad, baryo, pabrika, paaralan, at upisina. Buuin ang mga pangkat pampropaganda at pang-organisa sa mga ligal na organisasyon at alyansa at ikalat ang mga ito sa mga lugar ng konsektasyon ng masa. Kailangang magpakahusay sila sa pagpapakilos ng bagong litaw na mga aktibista, pagmaksimisa sa tulong ng mga kilalang personalidad at iba't ibang tipo ng alyado, pagtumbok sa pinakatampok na mga isyu ng masa, at pagbubuo ng mga hayag na organisasyon at alyansang sektoral at multisektoral—para pukawin at organisahin ang pinakamarami sa pinakamaikling panahon. Dapat planuhin at ipatupad ang mga ito nang may pagsapol sa katotohanang tayo'y nasa panahon ng kasagsagan at hindi ng dahan-dahan pag-iipon ng lakas.

Kailangang isustini ang paglalantad at paghihiwalay sa papet, pasista at bulok na rehimeng. Hindi pwedeng sumalig lamang sa mga paglalantad o imbestigasyon sa Kongreso dahil sistematikong hinaharang ito ng mga utusan ni Arroyo, gayundin sa mga paglalantad sa burgis na mass media na

namumutiktok sa mga bayaran ng Malakanyang. Habang sinasamantala ang anumang puwang sa mga ito, kailangang palawakin at pasinsinin ang ahitasyon at propagandang direktang umaabot sa masa. Dapat paulit-ulit na suyurin ng mga pangkat *agitprop* ang mga komunidad, baryo, pabrika, paaralan at upisina. Ipalaganap ang mga pulong masa, grupong talakayan, presentasyong bidyo, pagtatanghal pangkultura, at mga katulad nito. Ang mga popular na anyo, gaya ng mga presentasyong bidyo at kultural, *ringtone* at *jingle*, awit at tula, dulang pangkalye at iba pa, ay dapat patuloy na engganyuhin at paunlarin.

Kahit natural na nasa Metro Manila ang pokus, kailangan sa pagpapalakas ng kilusang protesta ang mga rehiyon at dito'y lalo pang mapagsaya ang inisyatiba at pag-sisikap ng mga progresibong pwersa. Ang kilusang protesta sa Metro Manila ay ulo lamang at hindi ang buong katawan nito. Ang pakikibaka sa papet at pasistang rehimeng Arroyo—laluna't mabangis at pukpuhan—ay nangangailangan ng puspusang mobilisasyon ng buong sambayanan. Ang bawat rehiyon at prubinsya ay dapat magpalakas ng kani-kanilang mga alyansa at kilusang protesta at matuto't makinabang sa mga karanasan at tagumpay sa Metro Manila. Sa mga importanteng aksyon at mobilisasyon para sa rurok sa Metro Manila, kinakailangan ang ambag ng kalapit na mga rehiyon at dapat labanan at biguin ang mahigpit na panghaharang ng PNP sa tarangkahang ng Metro Manila.

Kahanga-hanga ang katatagan at pagpupursigi ng ligal na demokratikong kilusan at mga lider at aktibista nito sa harap ng walang pakundangan at buhong na asasinasyong pulitikal ng mga lider at aktibista ng mga progresibong



Habang iginigiit ang mga demokratikong karapatan laban sa pasistang paninikil, huwag hayaang maubos ang panahon at magasgas ang pwersa sa maliliit na kiskisan; magmatayag sa padalus-dalos na pagsugod.

organisasyong *party-list* at ligal na mga organisasyong masa. Dito lalong nalalantad ang sagadsaring papet at pasistang katangian, gayundin ang desperasyon ng reaksyunaryong rehimeng. Bawat kaso ng asasinasyon politikal ay dapat maagap at ubos-kayang ilantad, kundenahin at singilin. Dapat gawin ang lahat ng makakaya para usig sa masmidya at mga karampatang kapulungan at dulugang lokal at internasyunal ang mga pasistang kriminal. Habang nagpupursigi sa ligal na kilusan at pakikibaka, dapat palawakin at palalim ang kilusang lihim sa mga kalunsuran para matibay ang gulgud at hindi basta-basta madidorganisa ng pasistang pananalasa. Dapat ding baguhin ang paraan ng pagkilos at istriktuhan ang pangangalaga sa kaligtasan ng mga bulnerableng ligal na mga lider at aktibista. Ang hindi na makakakilos nang epektibo sa isang syudad ay dapat ilipat ng lugar o di kaya'y engganyuhing sumapi sa hukbong bayan.

Habang mapangahas na pinaiigting ang kilusang protesta at pinalalawak ang kilusang pagpapatalisk, kailangang patuloy na magmatayag sa paghahabol nang lampas at bakahin ang mga insureksyunistang kaisipang inilalako ng mga Contra. Habang iginigiit ang mga demokratikong karapatan laban sa pasistang paninikil, huwag hayaang maubos ang panahon at magasgas ang pwersa sa maliliit na kiskisan; magmatayag sa padalus-dalos na pagsugod. Magpakahusay sa pagkabig at pagtitipon ng papalaki nang papalaking bilang ng masa, pagtimpla ng mga koordinadong aksyon at desentralisadong pakikibaka, at maingat na pagtaya sa tamang patlang at tyempo ng malalaking mobilisasyon para sistematikong mapalakas at mapalaki ang mga protesta at pakikibakang masa.

Ang mga pwersang napalilitaw ng kilusang protesta ay dapat mabilis na anihin at konsolidahan para maging matagalang mga pwersa ng rebolusyon. Ang mga pinakaaktibo ay dapat bigyan ng edukasyong pampolitika at rekrutin sa mga pambansa demokratikong organisasyon. Ang mga elementong pinakasulong at napatunayang maaasahan ay dapat rekrutin sa Partido.

Papel ng Partido, NDFP at BHB

Ang pagpapabagsak kay Arroyo ay pwedeng gawin ng mga ligal na pwersa nang walang direktang partisipasyon ng Partido, NDFP at BHB. Ang kabuuang sitwasyon ay hindi rin nagpapahintulot sa Partido, NDFP at BHB na maging bahagi ng anumang konsehong transisyunal na itatayo pagkatapos mapatalsik si Arroyo. Gayunman, umaasa ang mga rebolusyonaryong armadong pwersa na mas aabante ang usapang pangkapayapaan at seryosong maisusulong ang paglutas sa mga ugat ng armadong labanan kapag natanggal ang sagadsaring papet na rehimeng at pumalit ang isang gubyernong mas malawak ang katangian at mas bukas sa mga pambansa-demokratikong solusyon sa mga fundamental na problema ng bansa. Ang BHB ay sumisimpatiya at sumusuporta sa di tuwirang paraan sa malapad na nagkakaisang prente laban sa kinimumuhiang papet at pasistang rehimeng.

Ang pagpapatindi ng mga taktikal na opensiba at pakikidigmang gerilya ay rebolusyonaryong tungkulin ng BHB sa harap ng walang habas na pananalasa ng imperialisimo, pyudalismo, burukratang kapitalismo at pasismo. Mahigpit din itong hinihingi ng malawak na masang matindi ang galit sa mga nambubusabos at umaapi sa kanila

at umaasam na maparusahan ang pinakamasahol na mga papet, pasista at mandarambong. Dapat sagpangin ang malalaking bulnerabilidad ng papet na rehimeng niyayanig ng krisis sa pananalapi at utang, malubhang pagkakahiwatalay, internal na paksyunalismo at demoralisasyon. Lubhang kailangan ang dagdag na sandata para armasan ang mga bagong rekrut na maramihang sumasapi sa hukbo at palawakin at palakasin ang demokratikong kapangyarihan sa kanayunan. Ambag din ito sa pagpapabilis ng pagpapabagsak sa rehimeng Arroyo. Hukbong bayan ang pinakamakapangyarihang rebolusyonaryong sandata ng sambayanan at dapat itong manguna sa pagpapaigting ng mga pakikibakang bayan.

Tamang-tama ang pagtindi ng mga taktikal na opensiba ng BHB mula ikalawang hati ng Setyembre dahil sinalubong niyon ang kabilang pananakot at pandarahas ng rehimeng Arroyo, kabilang ang walang batayang pagsususpindi ng Joint Agreement on Safety and Immunity Guarantees at usaping pangkapayapaan sa pagitan ng gubyerno ng republika ng Pilipinas (GRP) at NDFP at patuloy na pamaslang ng mga ligal na lider at aktibista. Kailangang ituloy ang pagpapatindi ng mga taktikal na opensiba dahil may sapat na lawak at lalim ng baseng masa sa mga larangang gerilyang nakalatag sa buong kapuluan at ang AFP at PNP ay lubhang manipis na nakakalat bunga ng pagkukumahog na atakin nang sabay-sabay ang marming rehiyon at larangang gerilya, habang nagtatali ng mas malaki pang pwersa sa pagbabantay sa Malakanyang, Metro Manila, mga pangunahing kampo militar, at mga pangunahing linya ng komunikasyon at transportasyon. Kailangang higit pang paramihin at padalasin

ang mga batayan at espesyal na taktikal na opensiba. Dapat paramihin ang mga larangang gerilyang nakapagsasagawa ng dalawa o higit pang taktikal na opensiba sa isang taon. Ang masigasig na pagsasagutan ng mga taktikal na opensiba sa pinamaraming rehiyon at larangan ang pinakamabisang sandata sa paglaban at pagbigo sa pinaiigting na mga kampanya at operasyong militar ng AFP at PNP.

Ang limang-taong planong pangkampanya ng AFP na Oplan Bantay Laya ay halos katumbas na ng Oplan Lambat-Bitag sa lawak, tindi at bangis ng pananalakay sa hukbong bayan at mga larangang gerilya. Ginagamit ng sabwatang US-Arroyo ang pananakot na "anti-terorista" para todong paigtingin ang armadong kontra-rebolusyon sa hibang na pangarap na mabilis na durugin ang armadong rebolusyon sa pamamagitan ng militarismo, pasistang terorismo at dayuhang interbensyon militar.

Sa nakaraang tatlong taon hindi nagtagumpay ang Oplan Bantay Laya na wasakin kahit isang larangang gerilya bagamat lumikha ito ng mga pinsala at kahirapan para sa hukbo at masa. Patunay ito sa kawastuan ng linya ng malanganap at masinsing pakikidigmang gerilya na nagtatamasa ng papalawak at papalalim na supertang masa. Lalong kailangan at lalong uubra ngayon ang mas aktibo at mas opensibang postura ng hukbo at masa sa militar at pulitika para pagbayarin nang mahal ang reaksyunaryong kaaway at mas mabawasan pa ang pinsalang naliikha ng mga pagsalakay niya.

Ang Partido, hukbong bayan at masa ay nakapag-ipon ng mayamang karanasan at nakapagpaunlad ng mga taktika at pamamaraan sa paglaban at pagdagok sa karaniwang mga operasyon ng kaaway sa anyo ng SOT, paniniktek at kombat.

Pinatunayan sa marami nang larangang gerilya na kayang biguin at gawing inutil ang SOT basta't mahigpit ang ugnay at gabay sa masa at aktibong nilalabanan iyon sa pulitika, militar at propaganda. Makakagawa lamang ng malaking pinsala ang SOT kapag magiging pasibo ang Partido at hukbo.

Ang bisa ng mga operasyong pangkombat ng kaaway at ang pinsalang wedeng magawa ng mga ito ay nakabatay pangunahin sa husay ng kanyang paniniktek. Bukod sa mga problemang idinulot ng pagiging pasibo sa harap ng SOT, ang pinakamalaking pinsalang natamo ng BHB ay bunga ng mga operasyong istrayk sa mga tiyak na target base sa mga eksaktong impormasyong nakalap ng mga espiya at impormer ng kaaway.

Dapat tuluy-tuloy at mahigpit ang paglaban at pagwasak sa lambat-paniktek na inilalatag ng kaaway sa mga baryo. Dapat ding birahin ang mga yunit-paniktek na nagbubuo at humahawak ng mga lambat na ito. Kailangang mobilisahin sa pagsugpo ng mga espiya at impormer ang mga organisasyong masa, yunit milisya at mga yunit sa pagtatanggol-sa-sarili. Kapag may peligrong malaman ng kaaway ang mga sensitibong impormasyong taktikal, ang yunit gerilya ay kailangang mabilis na umaksyon at hindi magpatumpik-tumpik. Dapat istriktu at walang tigil na bakahin ang pagiging kampante at kaluwagan sa disiplina at seguridad.

Kailangang hawakan ng hukbong bayan ang inisyatiba sa pagpapalawak at pagpapatatag ng baseng masa, pagsusulong ng pakikibakang antipyudal at iba pang pakikibakang masa, pagbuwag sa lambat-paniktek ng kaaway, at paglulunsad ng mga taktikal na opensiba. Habang pangunahing inaasikaso ang gawaing masa, kailangang tuluy-tuloy na asika-

suhin at pag-ukulan ng karampatang pansi, panahon at pwersa ang mga gawaing militar: pagsasanay-militar, paniniktek sa kaaway at pagkakalon ng mga posibleng target, kontra-paniniktek at pagwawasak sa lambat-paniktek ng kaaway, pagpaparusa sa kontra-rebolusyonaryo at ordinaryong mga kriminal, at pagbira sa mga pwersa ng kaaway na kayang talunin.

Kapag naitataboy nang naitataboy o paulit-ulit na natatamaan ang mga yunit gerilya nang walang ganting-opensiba, madedemoralisa ang hukbo at masa at hindi rin aabante ang iba pang gawain. Ito ang dahilan kung bakit tuluy-tuloy nating binabaka ang labis na paghihiwaiwalay ng mga pwersang gerilya sa maliliit at kalat-kalat na pangkat at iskwad, determinadong pinauunlad natin ang mga pormasyong platon sa loob ng mga larangang gerilyang laking-kompanya, gayundin ang sentro de grabidad sa antas ng rehiyon, prubinsya at larangan na may lakas-platon o higit pa. Ang mga buong panahong pwersa sa mga larangang gerilya ay dapat tiyaking may sapat na kakayahan sa lahat ng panahon hindi lamang sa pagpopropaganda at pag-oorganisa sa masa, kundi maging sa pagdedepensa sa sarili, pagbira sa mga espiya at kriminal, at pagbubunsod ng mga taktikal na opensibang kayang ipanalo.

Bulnerable sa mga taktikal na opensiba ng mga platon o pinagsanib na mga platon ng BHB ang maraming maliit na yunit ng kaaway na nakakalat sa mga SOT at mga operasyong kombat. Nag-iibayo pa ang kakayahan ng mga yunit gerilya na makapandurog kapag malawakang nabubuo at namomobilisa ang mga yunit milisya at may mga pasabog na naikokombina sa mga riple.

Para mahigpit na mapanghawakan ang inisyatiba ng mga

larangang gerilya, importante ang wasto at matamang paggabay ng mga namumunong komite ng Partido at kumand ng hukbo sa rehiyon at prubinsya. Kailangang mahigit nilang subaybayan ang kabuuang kalagayan sa pulitika at militar at pana-panahong magbigay ng mga kongkreto at malinaw na gabay sa mga gawain at pagkilos ng mga larangan. Kailangan ding panapanahong direktang siyasatin ng mga nakatataas na komite at kumand ang kalagayan ng mga yunit at gawain sa ibaba, tulungan silang magtasa at maglagom ng mga karanasan, at gumanap ng aktibong tuwirang papel para pabilisin ang pagsusulong ng mga gawain. Ang mga pulong ay dapat paikliin; ang pagbabalak at pangangasiwa ay dapat pasimplehin. Relatibong maliit pa ang mga yunit na pinangangasiwaan sa mga larangang gerilya at kailangang iwasang maubos ang napakalaking panahon sa mga pulong at koordinasyon. Iwasan ang hindi kinakailangang kumplikasyon sa istruktura ng organisasyon.

Habang pinasigla ang mga batayang taktikal na opensiba pangunahin para mangalap ng sandata at paluwagin ang kalagayan para sa pagpapalawak at pagpapatatag ng baseng masa, kailangan din ang mga espesyal na taktikal na opensiba na may malawak at malaking epekto sa pulitika at militar. Isang halimbawa ang pagparusa sa mga pinakapusakal at pinakakinamumuhiang mga pasista, manghuhuhutot at mangungurakot. Isa pa ang pagsalakay sa mga target na mapagkukunan ng malaking bilang ng armas at

kagamitang militar. At isa pa ang pagsira at pagsabotahe sa linya ng komunikasyon at transportasyon ng kaaway. Ang mga espesyal na operasyon ay pinakaangkop na asikasuhin sa antas ng rehiyon at pambansa at nangangailangan din ng espesyal na paniniktitik, pagpaplanano at mga yunit.

Ibayong palawakin at palalimin ang kilusang talsik

Dahil lumalaban nang todo si Arroyo upang hindi mapatalsik, walang ibang magagawa ang mga rebolusyonaryong pwersa at iba pang desididong mapalayas ang kinamumuhiang papet, pasista at bulok na rehimeng kundi magpursigi sa higit pang pagpapalawak at pagpapalitim ng kilusang pagpapatalsik. Kailangang pukawin at pakilusin ang milyun-milyong mamamayan para rito at paigtingin ang mga protesta at pakikibakang masa, gayundin ang mga taktikal na opensiba ng BHB.

Dahil kumukulo ang sitwasyon, dapat palaging maging alerto sa mga biglang pihit sa anyo ng malakihang panunupil ng rehimeng o di kaya'y kudeta ng mga anti-Arroyong pwersang militar. Pero ang pagmamatayag sa mga biglang pihit na ito ay hindi dapat maging dahilan para isaisantabi ang mas mahalagang tungkulin sa pagpapalawak at pagpapalitim ng kilusang protesta at pagpapalapad para ng nagkakaisang prente.

Riyalistikong asahan na ang paghahanda sa eleksyon 2007 ay kakain ng papalaking pansin ng mga pangunahing pwersang pam-pulitika sa susunod na taon. Ang mga reaksyunaryong anti-Arroyo

ay naghahabol na mapatalsik si Arroyo bago matapos ang taon. Positibo ang pagsusumigasig ng mga reaksyunaryong anti-Arroyo na tapusin nang mas maaga ang laban. Sa kabilang banda, pwede ring magdulot ito ng pagpaling sa padalus-dalos na pagsugod nang wala sa panahon o di kaya'y sa pessimismo. Tumpak lamang na sungabang ang napakainam na sitwasyon at paigtingin ang kampanyang pagpapatalsik sa abot ng makakaya. Kahit hindi agad mapalayas si Arroyo sa Malakanang, kailangan ang pinakamalakas na makakayang bwelo ng mga protesta at pakikibakang masa para pigilan siyang kumpletong makaagaw sa inisyatiba at makapanalasa nang mas masahol pa sa demokratikong kilusan at masa. Kapag malakas ang kilusang protesta, hindi pabor kundi malamang na mas makasasama pa kay Arroyo ang pagtindi ng mga labanan kaugnay sa eleksyon.

Habang nagpupursigi sa malapad na nagkakaisang prente, ang mga rebolusyonaryong pwersa ay dapat mulat na komprehensibong nagsusulong at nagpapalakas sa kilusan at pakikibakang anti-imperialista, antipyudal at antipasista ng masang anakpawis at iba pang uri at sektor na demokratiko at makabayan. Ang pagpapatalsik kay Arroyo ay malayong maging katumbas na ng pagbagsak ng buong reaksyunaryong sistemang malakolonyal at malapyudal. Pero tungkulin ng Partido at rebolusyonaryong kilusang na manguna sa pakikibaka sa pagpapatalsik para mas palapitin ang araw ng ganap na tagumpay ng demokratikong rebolusyong bayan.